


# MALAY

TOMO XXXI BLG. 2 • HUNYO 2019

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaring journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle na internationally refereed at abstracted, ay inililimbag makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House para sa Pamantasang De La Salle. Bilang journal na multi-disiplinari, nagtatampok ang *Malay* ng mga papel, pananaliksik, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa iba't ibang disiplina sa larangan ng Araling Filipino. Ang mga ideya, pagkukuro, at paninindigan ng mga may-akda ay pananagutan nila at hindi repleksyon ng mga paghahaka at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

**Halaga ng Taunang Subskripsyon:** Laybrari/Silid aklatan, institusyon sa labas ng Pilipinas: US$40 (surface mail), US$50 (koreo). Indibidwal/Isahan: US$25 (surface mail), US$35 (koreo). Halaga ng subskripsyon sa Pilipinas para sa laybrari at institusyon: PhP1,500/Isahan: PhP1,300. Makipag-ugnayan kay *Joanne T. Castañares* sa anumang detalye tungkol sa subskripsyon o mag-mail sa: joanne.castanares@dlsu.edu.ph

Karapatang-ari © 2019 ng Pamantasang De La Salle

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng librong ito ay hindi maaaring kopyahin o isulat sa anumang anyo maging ito ay palimbag o elektroniko, o kaya'y itanghal nang pormal at may bayad nang walang pahintulot ng tagapaglathala o ng may-akda.

ISSN: 0115-6195

Published by De La Salle University Publishing House
2401 Taft Avenue, Manila 0922 Philippines
Telefax: (63 2) 523-4281
Email: dlsupublishinghouse@dlsu.edu.ph
Websites: http://www.dlsu.edu.ph/offices/publishing-house/default.asp
http://www.ejournals.ph

*Ang De La Salle University Publishing House*
*ang tanggapang pampublikasyon ng Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

## Mga Patnugot

**Florentino T. Timbreza**
*Punong Patnugot*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Rowell D. Madula**
*Ko-Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Dolores R. Taylan**
*Tagapamahalang Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

## Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot

Efren Abueg
*Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*

Aurelio Agcaoili
*University of Hawaii, USA*

Satoshi Ara
*Fukushima University, Japan*

Joi Barrios-Leblanc
*University of California, Berkeley, USA*

Aurora Batnag
*Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino*

Pamela Constantino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Antonio Contreras
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Rommel Curaming
*University of Brunei Darussalam, Brunei*

Feorillo Petronilo Demeterio
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

JC Gaillard
*The University of Auckland, New Zealand*

Efren Isorena
*Pamantasang Ateneo de Manila, Pilipinas*

Roberto Javier
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Bievenido Lumbera
*Unibersidad ng Pilipinas*

Jovy Peregrino
*Busan University of Foreign Studies, South Korea*

Epifanio San Juan Jr.
*Philippine Cultural Studies Center, Connecticut, USA*

Rolando Tolentino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Tereso Tullao
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Nelson Turgo
*Cardiff University, United Kingdom*

MALAY

# Mga Nilalaman


MULA SA EDITOR

**Florentino T. Timbreza**
**Rowell D. Madula**
**Dolores R. Taylan**

MGA NATATANGING LATHALAIN

Tinig Mula sa Ilang: Pag-uugat ng mga Praktis at Paniniwala ng Kilusang Propetikong Adbentista (KPA) sa Kalinangang Pilipino / *Voice from the Wilderness: Tracing Prophetic Advent Movement's (PAM's) Beliefs and Practices to the Filipino Culture* 1
**Palmo R. Iya**

Diyos at Kasamaan: Ang Kaugnayan ng Kanilang Pag-iral / *God and Evil: The Relation of their Existence* 21
**Napoleon M. Mabaquiao, Jr.**

Paghanap at Pagbawi: Ang Tatlong Orihinal ng Arakyo sa Peñaranda, Nueva Ecija / *Quest of the Cross: The Three Orihinals of Arakyo in the Town of Peñaranda, Nueva Ecija* 32
**Michael C. Delos Santos**

Ang Antas ng Institusyonalisasyon ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF) Diliman Bilang Tagapamahala ng Wika sa Unibersidad ng Pilipinas / *The Level of Institutionalization of Sentro ng Wikang Filipino (SWF) Diliman as a Language Manager of the University of the Philippines* 47
**Zarina Joy T. Santos**

Si Balagtas at ang Pagsasakatuparan ng "bayang natimaua" ng Rebolusyon ng 1896/ *Balagtas and the Imagining of "bayang natimaua" of 1896 Revolution* 60
**Kevin P. Armingol**

Ang Mauban sa mga Eskalang Lokal, Nasyonal at Global: Sipat sa Kasalimuotan ng Pagbuo ng Pook / *Scaling Mauban: The Complexities of Producing Places* 71
**Nelson Turgo**

Bogwa: Kultural na Paghuhukay sa Oral na Tradisyong Ifugao/ *Bogwa: A Cultural Exploration of the Ifugao Oral Tradition* 84
**John A. Amtalao & Feorillo Petronilo Demeterio III**

MGA KONTRIBYUTOR 103

# Mula sa Editor

Sa buwan ng Hunyo, isinagawa ng MALAY ang kauna-unahan nitong pampublikong forum na pinamagatang KaMALAYan: Pagdalumat sa mga Isyu sa Araling Filipino. Tugon ito sa mga napapanahong usapin sa lipunang Pilipino. Bilang pasinayang forum, tinalakay ng mga tagapagsalita mula sa DLSU, Ateneo, at UP Diliman ang mainit na usapin tungkol sa Filipino at Panitikan sa larang ng edukasyon at pananaliksik. Kaugnay ito ng inilabas na desisyon ng Korte Suprema na binibigyang-lehitimo ang CHED CMO No. 20 s2013 na nag-aalis ng mga asignaturang Filipino at Panitikan sa kolehiyo.

Ang MALAY, bilang isang inter/multidisiplinaring journal sa Araling Filipino ay naninindigang nararapat na manatili ang pagtuturo ng Filipino at Panitikan sa antas kolehiyo. Ang pamantasan ay isang institusyon sa lipunan na inaasahang nakikibahagi sa pagtuklas ng mga bagong kaalaman. Ang lahat ng mga kurso at asignatura sa antas na ito ay bahagi ng mga baul ng karunungan at nagsisilbing tagahubog ng mga mag-aaral na hindi lamang mahusay sa kaniyang profesyon at mga kasanayan, kundi isang mamamayang makatao, makabayan, at mulat sa mga isyung panlipunan.

Marami sa mga nailalathala sa MALAY ay mga pananaliksik na isinasagawa ng mga guro mula sa antas kolehiyo. Ito ay dahil sa isa sa mga kahingian at inaasahan mula sa kanila na sila ay hindi lamang guro, kundi mananaliksik din. Samantala, maraming bilang ng mga nailimbag sa MALAY ay mga pananaliksik na isinagawa ng mga mag-aaral sa kolehiyo, antas gradwado, at di gradwado. Ang malaking bahagi ng intelektuwalisasyon ng wika ay hindi lamang nakatuon sa patuloy na paggamit ng wikang ito sa iba't ibang larang at disiplina, kundi maging sa patuloy na pag-aaral sa mismong wika bilang isang erya ng pagkatuto at bilang sisidlan ng kabihasnan.

Noong nakaraang taon, ginawaran ang MALAY ng Philippine E-Journals, isang online platform na nagho-host ng mga journal sa buong bansa, bilang pinakabinabasang journal sa kanilang website. Mahigit 2.6 milyong views ang MALAY, samantalang ang pumapangalawa rito'y nasa mahigit 1.2 milyong views. Malaking patunay ito na bagama't nasa wikang Filipino ang MALAY at karamihan sa mga journal sa Pilipinas ay nasa wikang Ingles, ang mga pananaliksik na nakasulat sa wikang Filipino ay napakahalaga. Sa panibagong isyung ito ng MALAY, makikita ang muling pagsisikhay ng mga mananaliksik mula sa iba't ibang disiplina na gamitin ang wikang Filipino sa kanilang panulat ng mga iskolarling papel.

Sa pag-aaral na isinagawa ni *Palmo Iya*, kaniyang ipinakita ang mahigpit na ugnayan ng pananampalataya at ng kultura. Sa kaniyang pagtalunton sa mayamang kasaysayan ng Kilusang Propetikong Adbentista (KPA), nabibigyan tayo ng pagkakataong paglimian ang mga problemang kinakaharap, hindi lamang ng milenaryang grupong ito, kundi ng mismong Simbahang Katolika sa bansa. Ipinauunawa sa atin ng artikulo ang konsepto ng indihenisasyon o pagsasakatutubo bilang mahalagang proseso ng adaptasyon o ebolusyon ng kultura. Ang ganitong pag-aaral ang nagpapalawak ng ating pang-unawa sa pagkakaroon ng mga grupong milenaryan magpasahanggang ngayon.

Binibigyang-tuon sa artikulo ni *Napoleon Mabaquiao* ang klasikong tanong ukol sa kasamaan. Sa panahong ito na tila nahaharap ang maraming Pilipino sa moral na dilemma, makatutulong ang papel na ito upang higit

na magkaroon ng kaliwanagan at magabayan tayo sa ating mga pagpapasya. Dalawang mahahalagang ambag ng pagmumuni-muni at pananaliksik na ito ni Mabaquiao ang patuloy na pagpapayaman ng pamimilosopiya sa Filipino tungo sa pagbuo at pagtukoy ng Pilosopiyang Pilipino, at ang pagbibigay ng kaMALAYan at kamulatan lalo na sa mga kabataan sa bugtong ng kasamaan at kabutihan.

Pinagyayaman ng papel ni *Michael Delos Santos* ang usapin ng pananampalataya mula sa pagtatanghal ng arakyo na isang pagdiriwang at pagpaparangal sa banal na krus na kinamatayan ni Hesukristo. Ang mga ganitong pag-aaral ay mahalagang ambag sa pagpapayaman ng mga lokal na kasaysayan at kultura na tungo sa pag-unawa sa ating pambansang pagkakakilanlan. Ang paghahambing na isinagawa ni Delos Santos sa iba't ibang bersyon ng mga naratibo nito na ginagamit sa mga espesipikong bayan sa probinsya ng Nueva Ecija ay sumasalamin sa nagbabagong-anyo ng mga bayan at mamamayan nito.

Dinadalumat ng papel ni *Nelson Turgo* ang konsepto ng pook bilang isang lunsaran ng pagteteorya tungkol sa mga ugnayan ng mga mamamayan nito at ng kulturang nananahan dito. Nakatuon ang artikulo sa bayan ng Mauban sa probinsya ng Quezon bilang lugar ng tunggalian at kontradiksyon na humuhubog sa identidad at pagkakakilanlan nito. Sa gitna ng napakaraming pagbabago sa loob at labas ng bayan ng Mauban, sinusubukang unawain ang talinghaga ng pagbibigay-kahulugan sa konsepto ng pook.

Mahalagang kontribusyon sa larang ng lokal na kasaysayan ang kasaysayang etniko na pangunahing tuon ng papel nina *John Amtalao at Feorillo Petronilo Demeterio III*. Sa kanilang isinagawang pag-aaral tungkol sa bogwa o bonewashing at namogwahan o ang naratibong tawag sa proseso nito, inilista ng mga mananaliksik ang mga pangunahing terminolohiyang pumapaloob sa tradisyong ito. Nag-aalok ang artikulo ng bagong pamamaraan sa paggamit ng kultural na materyal at tradisyong oral sa pag-unawa ng kasaysayan.

Samantala, sinuri ni *Kevin Armingol* sa kaniyang papel ang tekstong Florante at Laura ni Francisco Baltazar, mga dokumento ng Katipunan, at ang pahayagang *Kalayaan* upang hanapin ang ugnayan ng mga ito lalo na sa usapin ng rebolusyon ng 1896. Iginiit niyang ang akda ni Balagtas ay naging inspirasyon at isa sa mga nagtulak ng pag-aklas ng mga Pilipino laban sa kolonyalismong Espanyol. Sa usapin sa kasalukuyan tungkol sa pag-aalis ng pag-aaral ng panitikan sa antas kolehiyo, ipinakikita ng pag-aaral ang mahalagang papel na ginagampanan ng pagsusuri sa mga akdang pampanitikan upang higit na maunawaan ang teksto at konteksto nito.

Sa gitna ng mga usaping pangwika sa kasalukuyang panahon, mahalagang ambag sa diskusyon ang pag-aaral ni *Zarina Joy Santos* na binalangkas ang kasaysayan at pag-iral ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF) Diliman, bilang natatanging institusyon sa loob ng nangungunang pampublikong pamantasan sa bansa. Malaki ang papel na ginampanan at patuloy na ginagampanan ng SWF Diliman sa pagsusulong ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Ang pagsusuri sa kanilang mga naging kalakasan at kahinaan bilang institusyon, gayondin ng mga oportunidad at hamong kanilang kinaharap, ay nagpapatunay sa pangangailangang lalo pang palakasin ang araling Filipino bilang isang disiplina.

Sa bagong isyung ito ng MALAY, higit na napatutunayan ang kahalagahan ng pananatili ng paggamit at pagtalakay ng wikang Filipino bilang batis ng diskurso ng kasaysayan, kaakohan, kaMALAYan, at panitik ng mga Pilipino.

Bilang pangwakas, muli't muling ipinaabot at ipinadarama natin ang lubos na paghanga't pagpupugay sa kahusayan at kasipagan ng ating katuwang sa paghahanda at pagsasaayos sa mga nailathalang artikulo sa kasalukuyang isyu–si Bb. Joanne Castañares.

**Florentino T. Timbreza**
**Rowell D. Madula**
**Dolores R. Taylan**